


Tungkol sa BreastScreen ng Queensland


Ang BreastScreen Queensland (BSQ) ay nagbibigay ng libreng breast screening at mga pagsusunod na pagsusuri sa mga karapat-dapat na kababaihan. Ang breast screen, o screening mammogram, ay isang espesyal pag-X-ray sa suso na nagpapakita sa mga pagbabago sa suso, bago maramdaman o mapansin. Ang Breast screening ay nakakasalba ng buhay sa pamamagitan ng pagkakaalam ng maaga kung may kanser sa suso kung kailan mas madaling magagamot.



Sino ang makakapunta?

Ang mga kababaihan may edad sa pagitan ng 50 at 74 ay inirerekumenda na pumunta bawat dalawang taon, dahil ang breast screening ay mas epektibo sa ganitong grupo ng edad. Ang mga kababaihan na may 40 taong gulang at mahigit ay maaaring pumunta sa libreng serbisyon ng ito kung gusto nila.

Ang BSQ ay para sa mga kababaihan na wala pang mga sintomas sa kasalukuyan; hindi kailangan ng sulat ng doktor. Ang mga indibidwal na may inaalalang mga pagbabago sa suso ay dapat makipag-usap sa kanilang doctor.



Paggawa ng appointment.

Ang BSQ ay may mga serbisyo sa mahigit sa 260 na lugar sa buong Queensland, kabilang ang **Helensvale, Robina, Southport, West Burleigh, at mga klinikang umaandar**. Ang mga oras ng klinika ay iba't-iba sa mga lugar ng kaganapan. May mga appointments pagkatapos ng oras ng trabaho. Maaaring makipag-appointment sa tatlong mga paraan:

1. Magpalista ng personal sa isang klinika ng BSQ.
2. Magpatala at magpalista online sa **breastscreen.qld.gov.au**
3. Tumawag sa **13 20 50** sa pagitan ng ika-8:00 ng umaga at ika-4:30 hapon sa mga araw na may trabaho.

Maaari ring magpalista bilang isang grupo.



Mga serbisyo ng Interpreter



Sa pagpapalista ng appointment, sabihin sa kawani ng BSQ kung kailangan mo ng interpreter. Kung kailangan mo ng tulong sa inyong wika, maaaring magtelepono sa Translating and Interpreting Service (TIS) sa 13 14 50. Ang BSQ ay maaaring makipag-ayos ng interpreter upang masuportahan ka sa inyong pagbisita. Maaari kang magdala ng isang pansuportang tao.

Kapag mayroon ka ng appointment, ang BSQ ay susulat sa iyo upang kumpirmahan ang pagbisita. Mabibigyan ka ang isang porma upang isulat mo ang ilang mga personal na detalye at pipirma ka na nagpapahintulot sa pagkakaroon mo ng breast screen. Mangyaring tanungin sa kawani ng BSQ kung may isang porma ng Consent to Screening na nakasulat sa inyong kagastuhang wika, kung kailangan.



Ang pagkakaroon ng breast screen

Sa araw na iyon:

- Magsuot ng dalawang pirasong kasuotan katulad ng skirt o pantalon na may blusa o shirt.
- Huwag gumamit ng talcum powder, lotion, scent, o deodorant, dahil baka makakaapekto sila sa inyong breast screen.
- Dalhin ang nakumpleto mong porma ng pahintulot – isang kawani ang lalapit sa iyo at titingnan ang inyong porma.
- Isang babaeng radiographer ang magdadala sa iyo sa isang pribadong silid. Sasabihin sa iyo na mag-alis ng pang-itaas na kasuutan at bra at sasabihin niya ang mga susunod mong mga gagawin.
- Kung mayroon kang mga pag-aalala o katanungan sa ano mang oras, magyaring kausapin ang palakaibigang kawani.
- Kadalasan, dalawang litrato sa X-ray ang kukunin sa bawat suso – magtatagal ng bawat isa ng may 15 segundo. Maaari itong hindi komportable dahil ang inyong mga suso ay kailangang ipitin sa pagitan ng dalawang plato upang makuhanan ng maliwanag na litrato.
- Kung kayo ay nasasaktan, mangyaring sabihin sa kawani upang mabawasan ang presyon. Maaari ninyong ipahinto ang breast screen sa anumang oras.
- Ang mga larawan ay titingnan upang matiyak na ito ay nararapat at hindi malabo.
- Ang pagbisita sa BSQ ay magtatagal ng mga 30 minutos o mas mabilis.



Ano ang susunod na mangyayari?

- Hindi kukulangin sa dalawang nasanay na doktor ang titingin sa inyong mga X-ray kung may mga pagbabago o palatandaan ng kanser sa suso.
- Kung walang mga pag-aalala, matatanggap mo ang mga resulta online o sa koreo, sa loob ng mga 10 araw na may trabaho. Kung gusto mo, mapapadalhan din ng kopya ng inyong mga resulta ang doktor mo.
- Karamihan sa mga kababaihan ang masasabihan tungkol sa kanilang breast screen ay walang mga palatandaan ng kanser sa suso at mabibigyan ng paalala para sa petsa ng susunod na pagsusuri.
- May mga kababaihan na pababalikin pasa sa karagdagang pagsusuri. Hindi ito ibig sabihin na may kanser sa suso, ngunit kung minsan ang karagdagang pagsusuri ay para lamang makasiguro.
- Kung kailangan ng karagdagang pagsusuri, isang nars ang tatawag sa iyo upang gumawa ng appointment. Ito ay walang bayad. **Karamihan sa mga kababaihang pinabalik para sa karagdagang pagsusuri ay walang kanser sa suso.**
- Kung may nakitang kanser sa suso, isang kawani ang magpapaliwanag tungkol sa mga resulta ng pagsusuri, ang mga sumusunod na hakbang na gagawin, at tutulungan kang makakapag-ayos ng mga hinaharap na pangangalaga sa pamamagitan ng inyong doktor.



“Marami tayong magagawa sa paggamot ng kanser sa suso, lalo na kung malalaman natin ng maaga ang kanser sa suso.”

Dr. Su-Lin Leong, Consultant Breast Surgeon sa BSQ

Ginawa ng BreastScreen Queensland Gold Coast Service, Enero 2020. Iginuhit ni Julie Haysom mula sa Your Guide to Breast Health, inilathala ng State of Queensland (Metro North Hospital at Health Service). Ang mga larawan ay ginamit sa ilalim ng lisensya sa Creative Commons Attribution 3.0 Australia.